



# Oceanside
# Multi-Family
## Mga Recyclable, Tirang Pagkain at Landfill
## Gabay sa Serbisyo





WM
business.wm.com/oceanside

ISANG Planeta. GUMAWA ng Aksiyon.

GREEN OCEANSIDE.org

## Pagtulong sa Mga Multi-Family Complex na *Magtagumpay*



Nakipagtulungan ang Lungsod at WM para magbigay ng mga natatanging programa para sa mga nare-recycle, tirang pagkain, at solid waste para matulungan ang mga multi-family property at ang kanilang mga residente na matugunan ang lahat ng pangangailangan sa pagsunod.

Inaatasan ng California Senate Bill 1383 (SB 1383) at ng Lungsod ng Oceanside ang lahat ng negosyo at multi-family property na mag-subscribe sa serbisyo ng koleksiyon at wastong paghiwa-hiwalayin ang mga tirang pagkain, papel na kontaminado ng pagkain, nare-recycle at mga materyales para sa landfill.

### Samahan Kami sa Aming Layunin tungo sa Zero Waste

Madali lang gawin ang mga hakbang sa iyong pang-araw-araw na gawain para mabawasan at mawala ang basura. Ang gabay na ito ay isang kapaki-pakinabang na mapagkukunan para matulungan kang magtakda ng mga tunguhin sa pag-iwas sa at paglihis ng basura at makasunod sa SB 1383.

### Para Kanino ang Gabay na Ito?*

**Lahat ng complex ay puwedeng makinabang mula sa gabay na ito.**

- Mga Apartment
- Mga Condominium
- Mga Town Home
- Mga Mobile Home
- Retirement at Senior Living Housing

MULTI-FAMILY GABAY SA SERBISYO

* Ang mga multi-family na tirahan/property ay tumutukoy sa anumang residensiyal na gusali, maliban sa isang single-family na tirahan, na may lima (5) o higit pang unit ng tirahan. Ito ay tumatanggap ng sentralisado o pinagsamang serbisyo sa pangongolekta para sa lahat ng unit sa gusali at sinisingil sa isang (1) customer sa isang (1) address.

## Narito Kung Paano *Mag-recycle Nang Tama* sa Inyong Complex

### Mga Residente

**Humiling ng impormasyon sa basura at nare-recycle mula sa inyong property manager.** Available ang mga Move-In Kit para sa inyo, na may kasamang mapagkukunang gabay sa pagre-recycle, reusable na tote bag para ihiwalay ang mga nare-recycle, isang kitchen pail, at isang handy magnet na nagpapakita ng tamang paraan ng paghihiwalay ng iyong mga materyales.

**Alamin kung anong mga materyales ang katanggap-tanggap sa lahat ng mga lalagyan** at kung ano ang gagawin sa mga mapanganib na basura sa bahay at iba pang mga bagay na hindi tinatanggap sa gilid ng kalsada. **Alamin ang lokasyon** ng mga lalagyan sa labas para sa mga tirang pagkain, nare-recycle at landfill na pinakamalapit sa iyo.

**I-recycle ang mga kahong karton** sa pamamagitan ng pagyupi at paglalagay ng mga ito sa mga recyclable na lalagyan. Tiyaking hindi umaapaw ang lalagyan at nagsasara nang maayos ang takip nito. Kung hindi magkasya ang iyong mga kahon, tingnan kung may isa pang recyclable na lalagyan sa complex o dalhin ang mga kahon sa isang lokal na sentro ng pagre-recycle.

**Mag-iskedyul ng pagkuha ng malaking item.** Ang malalaking item gaya ng muwebles, appliances at iba pang katulad na gamit sa bahay ay maaaring iiskedyul para sa koleksiyon nang walang bayad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa WM sa (760) 435-5457 o maaari din itong i-donate/ipamigay nang libre.

### Mga Property Manager

**Mag-iskedyul ng LIBRENG teknikal na tulong** sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Zero Waste Technical Assistance Team ng WM sa **Oceansidezerowaste@wm.com.** Makakatulong sila sa pagbuo ng isang programa sa pagre-recycle sa inyong multi-family complex at na maiangkop ang inyong serbisyo sa pamamagitan ng pagtulong sa inyong tukuyin ang tamang bilang at uri ng mga lalagyan at kinakailangang antas ng serbisyo na makakatulong sa inyong maiwasan ang sobrang puno at kontaminadong mga lalagyan.

**Ipaalam sa mga bagong residente ang tungkol sa programa sa pagre-recycle sa inyong property** sa sandaling lumipat sila. Nagbibigay ang WM ng LIBRENG materyal na pang-edukasyon at mga presentasyon, pati na rin ng mga multi-family Move-In Kit, na maaari mong ipamahagi para matulungan ang iyong mga residente na maging matagumpay sa pagsunod sa mga batas sa pagre-recycle. *Tingnan ang pahina 10.*

**Mag-display ng karatula** para sa isang matagumpay na programa sa pagre-recycle. Kasama sa mga lalagyan ng WM ang karatula kung anong mga materyales ang puwedeng ilagay sa mga ito. Kung sira o mahirap nang basahin ang karatula, makipag-ugnayan sa WM para sa kapalit na karatula. Nag-aalok din ang WM ng mga metal na karatula para sa mga enclosure.

**Ipagbigay-alam sa mga residente kung paano at saan nila maaaring itapon nang maayos ang malalaking item** tulad ng mga muwebles, appliances at mga katulad na item sa iyong property. Tukuyin kung ang pamunuan ng property o ang residente ang may responsibilidad sa pag-iiskedyul ng WM para kolektahin ang mga gamit sa araw ng serbisyo.

### Mga TIP sa Paglipat ng Bahay

- **I-donate** ang mga luma o hindi na kailangang gamit, damit, electronics, maliliit na appliances, at muwebles.
- **I-post** ang mga hindi na kailangang gamit sa Facebook Marketplace, Offer Up, Freecycle, Craigslist at iba pang platform sa pagbili/pagbebenta.
- **Magplano** nang maaga at magsimulang mangolekta ng mga kahon at diyaryo para ipambalot ng mga item.
- **I-recycle** ang lahat ng kahong karton at diyaryo at yupiin ang mga kahon para makatipid ng espasyo sa lalagyan ng mga Recyclable.
- **Mag-iskedyul** ng pagkuha ng malalaking item sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa WM sa (760) 435-5457 (maaaring kailanganin mong makipag-ugnayan sa iyong property manager). Ang pag-iiwan ng malalaking item ay itinuturing na ilegal na pagtatapon.

# *Mga Opsiyon* sa Serbisyo ng Basura at Pagre-recycle ng Multi-Family

Inaatasan ng Lungsod ng Oceanside ang lahat ng multi-family property na mag-subscribe sa mga serbisyo ng koleksiyon at wastong paghiwa-hiwalayin ang mga nare-recycle, tirang pagkain at papel na kontaminado ng pagkain, green waste at mga materyales para sa landfill. Ang mga serbisyong ito ay dapat gawing accessible sa mga residente.

## Mga Laki ng Lalagyan

| MGA RECYCLABLE | MGA TIRANG PAGKAIN | LANDFILL | GREEN WASTE |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |
| 35-, 64- at 96-gallon **Mga Recyclable Cart** | 64-gallon **Cart para sa Pag-recycle ng Mga Tirang Pagkain** | 35-, 64- at 96-gallon **Cart para sa Landfill** | 35-, 64- at 96-gallon **Green Waste Cart** |
|  |  |  |  |
| 2-, 3-, 4- at 6-cubic yard **Mga Recyclable Bin** | 2-cubic yard **Recycling Bin ng Mga Tirang Pagkain** | 2-, 3-, 4- at 6-cubic yard **Landfill Bin** | 3-cubic yard **Green Waste Cart** |

### Mga Property na may Limitadong Espasyo

Available ang opsiyon ng split bin (mga nare-recycle at landfill).



3-cubic yard
**Mga Recyclable at Landfill Split Bin**

### Pinakamababang Antas ng Serbisyo

- Ang mga multi-family complex na may walo o mas kaunting unit ng tirahan ay nangangailangan ng dalawang unit ng commercial cart service para sa bawat apat na unit ng tirahan. Ang mga complex na may siyam o higit pang unit ng tirahan ay nangangailangan ng serbisyo sa bin/dumpster.
- Kung ang mga serbisyo ay itinuturing na hindi sapat o nagiging sanhi ng abala sa publiko, may karapatan ang Lungsod na baguhin ang mga serbisyo.



**Serbisyo ng Commercial Cart –** Ang mga serbisyo ng commercial cart ay nakalaan para sa mga multi-family complex na may walo o mas kaunting unit ng tirahan. Kasama sa isang unit ng serbisyo ng commercial cart ang isang 64-gallon na Food Scraps Recycling cart, isang 96-gallon na Recyclable cart at isang 96-gallon na Landfill cart na sineserbisyuhan isang beses bawat linggo.

**Serbisyo para sa Green Waste –** Kung ang inyong property ay nagpo-produce ng green waste mula sa landscaping, kailangan mong paghiwalayin at i-recycle ang materyal na ito alinman sa pamamagitan ng sariling paghahatid ng basura, pagkontrata sa isang kompanya ng landscaping o pag-subscribe sa koleksiyon ng green waste sa pamamagitan ng WM. Kung gagamit ng serbisyo ng kompanya ng landscaping, kinakailangan ng isang form na naka-file sa Lungsod ng Oceanside. Makipag-ugnayan sa Lungsod sa (760) 435-4500.

**Paglilinis ng Basurahan at Pagtanggal ng Graffiti –** Kasama sa iyong mga serbisyo ang taunang paglilinis ng basurahan at pagtanggal ng graffiti kung kinakailangan. Makipag-ugnayan sa WM sa (760) 435-5457 para sa higit pang impormasyon.

**Pamamahala sa Kontaminasyon –** Kapag inihalo ang basura at iba pang hindi katanggap-tanggap na materyales (kontaminasyon) sa mga nare-recycle o mga tirang pagkain, maaari nitong makontamina ang buong karga ng trak at magresulta para ang buong karga ay maitapon sa landfill. Kung natukoy na may kontaminasyon ang mga lalagyan para sa mga recyclable o tirang pagkain sa oras ng koleksiyon, bibigyan ang mga negosyo ng abiso tungkol sa kontaminasyon. Posibleng may mga singil na ipapataw kung tatlo o higit pang beses naabisuhan ang negosyo tungkol sa kontaminasyon.

**Pag-iwas sa Pag-apaw ng Lalagyan –** Ang lahat ng tirang pagkain, mga recyclable at basura mula sa landfill ay dapat magkasya sa mga lalagyan at natatakpan. Maaaring mag-iskedyul ng mga karagdagang koleksiyon na may bayad kung kailangan ng karagdagang serbisyo. Tingnan ang pahina 10 para sa tulong ng WM sa pag-aangkop ng mga serbisyo para maiwasan ang pag-apaw ng lalagyan.



# SAAN Dapat ILAGAY?

Paano wastong pagbubukod-bukurin at maiwasan ang kontaminasyon

Ang wastong pag-uuri para maiwasan ang kontaminasyon ay susi sa **TAGUMPAY!**

## MGA RECYCLABLE




Panatilihing malinis at tuyo ang mga materyales.
Yupiin ang mga kahon.
WALANG plastik na straw, maninipis na plastik o mga polystyrene foam na lalagyan ng pagkain sa mga ire-recycle.

## MGA TIRANG PAGKAIN



Pinapayagan ang mga malinaw o translucent na plastic bag/liner at compostable na plastic bag, pero hindi ito ang mas pinipili.

## LANDFILL




Walang mga mapanganib na basura o mga materyales sa pagtatayo at demolisyon.

## GREEN WASTE



Kung ang inyong property ay nagpo-produce ng green waste mula sa landscaping, kailangan mong paghiwalayin at i-recycle ang materyal na ito.

# Huwag Ilagay ang mga Tirang Pagkain at Papel na Kontaminado ng Pagkain *Sa Landfill*



**Ang lahat ng sambahayan ng multi-family sa Oceanside ay kinakailangang mag-recycle ng mga tirang pagkain at papel na kontaminado ng pagkain. Sa paggawa nito, natitipid ang espasyo sa landfill, nababawasan ang mga greenhouse gas, at nakakalikha ng renewable na pinagkukunan ng enerhiya, mulch at compost.**

## Paano I-recycle ang Iyong Mga Tirang Pagkain at Papel na Kontaminado ng Pagkain

**1**

**Gamitin ang Kitchen Pail:** Idagdag ang mga tirang pagkain at maruming papel direkta sa lalagyan habang naghahanda ka ng mga pagkain at naglilinis pagkatapos kumain.





**Gumamit ng Liner:** Maaaring lagyan ang mga kitchen pail ng lining na paper towel, napkin o scrap paper, paper bag, malinaw at translucent na plastic liner/bag, o compostable bag; nakakatulong ito sa pagsipsip ng moisture at mapanatili ang mga materyales.

**2**

**Kolektahin Agad:** Idagdag ang mga tirang pagkain at maruming papel direkta sa lalagyan habang naghahanda ka ng mga pagkain at naglilinis pagkatapos kumain.



**3**

**Tanggalin ang Laman Kapag Punô na:** Kapag punô na ang timba, ilipat ang mga laman nito sa brown na lalagyan para sa mga Tirang Pagkain ng inyong complex, kung saan kokolektahin ito ng WM.



**Alam Mo Ba?**

Sa U.S., halos

**40%**

ng mga pagkaing itinanim ay hindi kailanman kinakain at **itinatapon lang.**

Ang mga organiko tulad ng mga tirang pagkain, papel na kontaminado ng pagkain at green waste ay **ang pinakamalaking uri ng basura** sa mga landfill.

## Narito ang mga Dapat Ilagay sa Brown na Lalagyan para sa Mga Tirang Pagkain

Kinokolekta ng WM ang mga tirang pagkain at papel na kontaminado ng pagkain na nasa brown na lalagyan para sa mga Tirang Pagkain ng inyong complex.

**✓ OK**



**✗ HINDI**



Pinapayagan ang mga malinaw at translucent na plastic bag/liner at compostable na bag, pero hindi ito ang mas pinipili.

## *Bakit* Napakahalaga ng Pagre-recycle ng Organiko?

**75%**

Sa pakikilahok sa pagre-recycle ng mga tirang pagkain at papel na kontaminado ng pagkain, sumusunod ka sa SB 1383, isang pagsisikap sa buong estado na nag-aatas sa mga residente at negosyo na paghiwalayin ang kanilang mga tirang pagkain at green waste mula sa kanilang basura sa landfill na may layuning **bawasan ang dami ng mga organikong basura na itinatapon sa mga landfill ng 75% pagsapit ng 2025.**

Ang WM at ang Lungsod ng Oceanside ay nagbibigay ng Programa para sa Pagre-recycle ng Mga Tirang Pagkain para sa lahat ng multi-family complex at negosyo at isang Organics program para sa mga single-family na residente upang sumunod sa SB 1383 at gawing mas sustainable at umuunlad na komunidad ang Oceanside para sa lahat. Sinusuportahan din ng mga programang ito ang zero waste at mga layunin para sa klima ng Lungsod.



**LIBRENG Mulch at Compost para sa mga Residente ng Oceanside**

El Corazon Compost Facility
3210 Oceanside Blvd.
Bisitahin ang agriserviceinc.com o tumawag sa (760) 439-9920 para sa mga bukas na oras at impormasyon.

# Mga Karagdagang Serbisyo sa Koleksiyon *at Higit Pa!*

## Mga Residente

Maaaring samantalahin ng mga residente ang **LIBRENG** mga programa, serbisyo at workshop para makatulong na pamahalaan ang iyong basura sa bahay at panatilihing maganda ang Oceanside.

**Mga Pagkakataon sa Pagdo-donate –** Maaaring i-donate ang bahagyang ginamit na appliances, tela, kagamitang pang-sports at iba pa sa gilid ng kalsada tuwing linggo ng donasyon na isinasagawa ng Lungsod dalawang beses sa isang taon. Matatagpuan ang higit pang impormasyon sa **GreenOceanside.org.**

**Koleksiyon ng Malalaking Item at Elektronikong Basura –** Hanggang sa limang (5) malalaking item na hindi na maaaring gamitin, ayusin, o kumpunihin, tulad ng mga muwebles, appliances at elektronikong basura ang maaaring kolektahin nang limang (5) beses bawat sambahayan bawat taon nang walang bayad. Mag-iskedyul ng koleksiyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa WM sa (760) 439-2824.

**Koleksiyon ng Holiday Tree –** Magsisimula ang koleksiyon ng Holiday tree sa karaniwang araw kasunod ng Araw ng Pasko sa loob ng tatlong linggo. Alamin mula sa inyong pamunuan ng property kung saan dapat ilagay ang mga puno para sa koleksiyon. Tanggalin ang mga stand at dekorasyon ng puno. Tinatanggap ang mga puno na may flocking, pero hindi nire-recycle.

**Pagtatapon ng Matutulis na Bagay –** Ilagay ang matutulis na bagay sa isang matibay na lalagyan na may mahigpit at saradong takip. Dalhin sa alinman sa **Oceanside Senior Centers** sa 455 Country Club Lane o sa 3302 Senior Center Drive sa karaniwang oras ng negosyo.

**Mapanganib na Basura sa Bahay –** Ilegal na maglagay sa mga lalagyan ng WM ng mga kemikal sa bahay o iba pang nakakalasong materyales. Tatanggapin at ligtas na itatapon ng WM ang mga materyales na ito tuwing Sabado sa pamamagitan ng appointment lamang. Tumawag para mag-iskedyul ng drop-off appointment sa (760) 439-2824. Maaaring magpareserba ang mga senior o may kapansanan para sa libreng koleksiyon sa pamamagitan ng pagtawag sa (760) 439-2824.

**Mga Workshop at Event ng Green Oceanside –** Nag-aalok ang Green Oceanside ng hanay ng mga programa, event, pagkakataong magboluntaryo at mga mapagkukunang pang-edukasyon para sa mga residente. Bisitahin ang greenoceanside.org para tingnan ang mga paparating na workshop, event, tingnan ang mga nakaraang pagsasanay o mag-download ng mga libreng mapagkukunang pang-edukasyon.

## Mga Property Manager

**Koleksiyon ng Malalaking Item at Elektronikong Basura –** Ang mga item tulad ng muwebles, appliances (mga kalan, mga refrigerator), mga karpet, computer, monitor, telebisyon at telepono na mula sa negosyo ng multi-family at hindi mula sa mga residente ay maaaring makipag-ugnayan sa **WM** sa (760) 435-5457 para sa koleksiyon. *May bayad ang serbisyong ito.*

**Koleksiyon ng Holiday Tree –** Magsisimula ang koleksiyon ng Holiday tree sa karaniwang araw kasunod ng Araw ng Pasko sa loob ng tatlong linggo. Mangongolekta ang WM ng mga holiday tree sa mga multi-family property sa mga sentralisadong lugar sa property. Makipag-ugnayan sa WM para i-coordinate ang lokasyong iyon. Dapat ipaalam sa mga residente kung saan matatagpuan ang itinalagang lugar para sa pagtatapon ng puno, na dapat nilang alisin ang mga stand at dekorasyon ng puno, at na tinatanggap ang mga puno na may flocking ngunit hindi ito ire-recycle.

**Mapanganib na Basura at Unibersal na Basura –** Ang mapanganib at unibersal na basura na mula sa negosyo ng multi-family at hindi mula sa residente ay maaaring makipag-ugnayan sa **WM Industrial Solutions** sa (562) 427-7277 para mag-iskedyul ng serbisyo. Kasama sa mga item na ito ang pintura, gamít na langis at mga filter, mga baterya, fluorescent bulb at lampara, panlinis at mga pestisidyo. *May bayad ang serbisyong ito.*

### Mga Tinatanggap na Mapanganib na Materyales na Galing sa mga Residente

- Pintura, Stain Varnish, Thinner
- Mga Adhesive
- Mga Produktong Pang-sasakyan, Gamít na Langis, at Mga filter
- Mga Baterya, Fluorescent Bulb, CFL
- Mga Panlinis, Spray
- Mga Pestisidyo, Iba Pang Kemikal sa Hardin
- Matutulis na bagay: Mga Karayom, Lancet



# *Mga LIBRENG* Programa at Mapagkukunan para sa Mga Multi-Family Property Manager

**Mga Multi-Family Move-In Kit –** Makipag-ugnayan sa WM para mag-order ng mga move-in kit para sa iyong mga residente. Kasama sa mga kit ang mga kapaki-pakinabang na tool at impormasyon para matulungan ang mga residente na maging matagumpay sa pagsunod sa mga batas sa pagre-recycle.




**Mga Enclosure Sign –** Nag-aalok ang WM ng mga enclosure sign kapag hiniling para turuan ang mga residente kung paano wastong paghihiwalayin ang kanilang nare-recycle at basura.




**Mga Materyal na Pang-edukasyon –** Available ang mga poster, video at handout para turuan ang mga residente at janitorial staff kung paano wastong paghihiwalayin ang mga materyales at maiwasan ang kontaminasyon.




**Pagsasanay –** Available ang virtual o personal na pagsasanay at mga presentasyon para magbigay ng teknikal na tulong at suporta sa iyong mga residente at manager.



**Pag-aangkop para sa Tagumpay –** Susuriin namin ang iyong mga daloy ng basura at tutulungan kang tukuyin at piliin ang pinakamainam na mga serbisyo na akma sa uri at dami ng basura na nalilikha sa iyong property. Sa Oceanside, ang mga serbisyo para sa nare-recycle at mga tirang pagkain ay **MAS MURA** kumpara sa mga serbisyo ng landfill, kaya ang wastong pag-uuri ay makakatulong para mabawasan ang mga serbisyo ng landfill at makakalikha ng mga paraan para makatipid.

**Serbisyo para sa mga Limitadong Lugar –** Kung mayroon kang limitadong espasyo para sa iyong mga recyclable, tirang pagkain at mga lalagyan ng landfill, tutulungan ka ng aming technical assistance team na makahanap ng mga paraan para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa serbisyo.



### Para Humiling ng Ganitong Mga Libreng Serbisyo

**Makipag-ugnayan sa Technical Assistance Team ng WM:**
**Email: oceansidezerowaste@wm.com**
**Telepono: (760) 435-5457**
**Website: business.wm.com/oceanside**

WM of North County
2141 Oceanside Blvd
Oceanside, CA 92054

en español
繁體中文
简体中文
sa Tagalog

GREEN OCEANSIDE WASTE WIZARD

Hindi sigurado kung saan dapat ilagay? Matutulungan ka ng **WASTE WIZARD** na malaman kung paano magagamit muli, ayusin, i-donate, ire-recycle o itatapon ang isang bagay. I-scan ang QR code para sa higit pang impormasyon.

# Contact Information

### Mga Serbisyo at Billing

WM of North County
2141 Oceanside Blvd, Oceanside, CA 92054
Telepono: (760) 435-5457
Email: cssandiego@wm.com
Website: business.wm.com/oceanside

### Mulch at Compost

Email: greenoceanside@oceansideca.org
El Corazon Compost Facility
3210 Oceanside Blvd., Oceanside, CA 92056
Telepono: (760) 439-9920
Web: agriserviceinc.com
Lun-Biy, 7:30 a.m. – 5 p.m.
Sab, 8 a.m. – 4 p.m.

### Zero Waste at Mga Programang Pangkapaligiran ng Lungsod ng Oceanside

Green Oceanside Team
Telepono: (760) 435-4500
Email: GreenOceanside@oceansideca.org
Web: www.GreenOceanside.org



business.wm.com/oceanside

**ISANG** Planeta. **GUMAWA** ng Aksiyon.

GREEN OCEANSIDE.org